
PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 29 SEPTEMBER 13 - 19, 2021 10.00


# HIGIT 140K KATAO, NAAPEKTUHAN NG BAGYONG JOLINA - NDRRMC

Umakyat na sa 140,444 ang mga naitalang indibidwal na naapektuhan ng nagdaang Bagyong Jolina.

Batay sa naging ulat ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) nitong Sabado, katumbas ng 37,022 pamilya mula sa 891 na mga nayon sa Central Luzon, Calabarzon, Mimaropa, Bicol, Western Visayas, Eastern Visayas, Soccsksargen, at National Capital Region ang nakaranas ng matinding epekto ng nakaraang bagyo.



Sa bilang na ito, 5,341 pamilya o 19,778 indibidwal ang tinutulungan sa 412 evacuation centers habang ang iba ay kasalukuyang nakikisilong sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan.

Samantala, nasa 6,575 na mga bahay ang nasira ng bagyo sa Calabarzon, Mimaropa, Bicol, Western Visayas, at Eastern Visayas. Sa bilang na ito, 6,259 ang bahagyang nasira habang 316 ang lubos na nawasak.

Ang pinsala na dulot ng "Jolina" sa agrikultura at imprastraktura ay umabot na rin umano sa P190.9 milyon at P30.7 milyon, ayon sa pagkakabanggit.






# TARA CAVITE TAYO! ????

Ipinamalas ni Miss Universe 2021 Cavite representative Victoria Velasquez Vincent, ang malalim at makulay na kultura ng lalawigan sa kaniyang tourism video na mayroong "fun and pop art" theme.

Bukod sa pagkilala sa malaking parte ng Cavite sa kasaysayan ng bansa, ipinakita rin niya ang mga magagandang lugar at kainan sa lalawigan na dinarayo ng mga turista.

Bilang isang arkitekto at heritage conservationist, lubos na ipinagmamalaki ni Victoria ang mga istruktura at pamana ng nakaraan na makikita sa Cavite.

Ikinatuwa naman ng mga sumusuporta sa kaniya maging ng mga netizen online ang "out of the box" video niya na nakaka-enganyo para sa marami.

Panoorin at suportahan ang ating kandidata sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=DfQx4GxW_8M

Video screengrabs: MUPH, Empire Philippines




## DENR: DEMOLISYON SA MGA ILIGAL NA ISTRAKTURA SA MANILA BAY, PARA SA MGA MALILIIT NA MANGINGISDA

Dinepensahan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) nitong Miyerkules ang ang planong demolisyon ng mga "iligal" na istraktura sa Manila Bay matapos protesta ng mga lokal na mangingisda.

Sa isang pagtatagubilin, ipinaliwanag ni DENR Undersecretary Benny Antiporda na ang pagtanggal ng sa mga istraktura ng pangingisda sa tubig ng Cavite, na kinatatakutang banta sa kabuhayan ng 15,000 mga mangingisda at residente sa baybayin, ay para umano sa kapakinabangan ng mga maliliit na mangingisda.

Sinabi niya na ang mga mangingisda ay hindi na k a i l a n g a n g makipagsapalaran nang mas malayo sa dagat kapag natanggal ang "iligal" na mga cage, pen at baklad.

"The first ones who will benefit from that are small fisherfolk, those who use small boats. Would you imagine once we dismantle illegal structures within one kilometer or few hundred meters from the shoreline, they can fish easily," pahayag ni Antiporda.

Ang demolisyon na hindi natuloy tulad ng naka-iskedyul noong Martes, ay bahagi ng pagsisikap ng kagawaran na kontrolin ang mga istruktura ng pangingisda sa kahabaan ng Manila Bay at mga tributaries.




Ngunit naniniwala ang mga mangingisda na ang mga aktibidad ay parte lamang ng napakalaking plano ng reklamasyon sa Cavite.

## LIVELIHOOD ASSISTANCE GRANT, IPINAMAHAGI SA MGA RESIDENTE NG INDANG

Sa pangunguna ng Lokal na Pamahalaan ng Indang na pinamumunuan ni Mayor Perfecto Fidel katuwang ang DSWD Region 4A at MSWDO, matagumpay na naipamahagi ang Livelihood Assistance Grant sa mga benepisyaryo nito sa Indang, Cavite.

Pangunahing layunin ng naturang programa ng gobyerno ay ang matulungan ang mga maliliit na negosyo na labis na naapektuhan ng pandemya tulad na lamang ng mga residenteng kabilang sa 4Ps, Solo Parent, PWD at ilang mga senior citizens.

Nasa 183 naman ang kabuuang bilang ng benepisyaryon ng Livelihood Assistance Grant ng DSWD at isasailalim sa livelihood moniroting upang matiyak na ang nakatulong nang lubos sa kanilang pamumuhay ang natanggap nilang ayuda.

Dumalo sa nasabing distribusyon ang ilan sa mga representante mula Livelihood Unit ng DSWD Region-4A, kawani ng MSWDO, Pantawid Parent Leaders at Indang Federation of Person's with Disability.


ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com

## Paano palalakasin ang immune system

**DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong**

PATULOY ang pagkalat ng COVID-19. Bukod dito marami pang ibang sakit ang banta sa kalusugan.

Para hindi kumalat ang sakit, lagi nang ipinaalala ang paghuhugas lagi ng kamay, paggamit ng alcohol, pagsu-suot ng face mask at social distancing.

Pero may pagkakataon na hindi talaga maiiwasang madapuan ng mga sakit.

Sa ganitong pagkakataon, ang tanging panlaban ay ang ating immune system. Ito 'yung resistensiya at lakas ng ating katawan. Kapag malakas ang katawan, walang epekto ang virus at mikrobyo.

**Paano palalakasin ang immune system? Narito ang mga tips:**

1. Matulog ng 7-8 oras sa gabi. Kung kayang matulog ng mas mahaba, okay din. Sa pamamagitan ng tulog, naghihilom ang organo ng ating katawan. Kung hindi ka makatulog, mahiga na lang at ipahinga ang isip. Lalakas ka na rin.

2. Relaks lang sa pagtatrabaho at sa gawaing bahay. Puwede mo naman gawing mas magaan ang iyong trabaho.

3. Huwag gaano mag-isip at maging aburido. Maging mas mapasensiya. Gawin mo lang ang kayang magagawa. Hindi kailangang magmadali.

4. Kumain ng masustansiyang pagkain. Ito talaga ang panlaban natin sa mga sakit.

5. Ang pagkain ng berdeng gulay, isda, at sari-saring prutas gaya ng saging, mansanas, dalandan ay nagpa-palakas ng katawan.

## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Ang hinahangad ay matatamo kung hindi panghihinaan ng loob. Ikaw ang unang magtiwala sa iyong kakayahan. Kaya mo 'yan, kaya push lang! Iwasan magdala ng mahalagang gamit lalo na kung magko-commute. Lucky numbers at color for the day ang 28, 12, 38, 55, 22 at satin white.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Hindi imposibleng ma-enhance ang iyong mind power kung pagsisikapan. Inaayunan ito ng pagkakataon. Lucky numbers at color for the day ang 22, 35, 42, 56, 12 at vermillion red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Magpa-aura clean-sing para maakit ang tagumpay. Ang tiyaga at sikap ay samahan agap. Lucky numbers at color for the day ang 32, 45, 11, 52, 22 at baby pink.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Matutupad ang iyong hangad, maaakit ang positive energy na kailangan para ma-achieve ang goals. Lucky numbers at color for the day ang 24, 45, 38, 55, 12 at satin white.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Harapin ang epekto ng nakaraang mga desisyon. Nasa mga kamay mo na maitama ito. Lucky numbers at color for the day ang 42, 18, 35, 56, 55 at cinnamon brown.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magsaya dahil ang mga pagsisikap ay aanihin na. Higit sa materyal ay ang muling pagkabuo ng pamilya. Lucky numbers at color for the day ang 36, 2, 15, 23, 38 at citrine yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Maaakit ang tao na magbibigay ng kulay sa buhay mo. Isang oportunidad ang magbubukas para sa career. Lucky numbers at color for the day ang 16, 22, 36, 55, 46 at scarlet red.

ARIES: (Mar. 21-MAbr. 19) Harapin ang masungit na client with calm attitude. Hindi mo ito pagsisisihan. Magiging resource person mo siya. Lucky numbers at color for the day ang 36, 43, 12, 56, 22 at sapphire blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Tagumpay ang deal, planuhin na ang bakasyon. May pagkakataon ka na magpapawis. Lucky numbers at color for the day ang 25, 15, 58, 53, 36 at tangerine.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Financial investor ang maaakit. Matutuloy ang self employment project, ang mga kutob ay magkakatotoo. Lucky numbers at color for the day ang 28, 56, 43, 11, 32 at cyan blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Bago magnegosyo, harapin muna ang ha-mon na makumpleto ang kapital. Bawasan ang kaka-milktea. Lucky numbers at color for the day ang 41, 35, 16, 58, 28 at emerald green.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mabilis ang isip pagda-ting sa mapagkakakitaan. Isang opportunity ang darating para mag-improve ka. Lucky numbers at color for the day ang 35, 42, 16, 26, 55 at mango orange.

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

# EDITORIAL

### Paglisan ng healthcare workers, ramdam na

SETYEMBRE 1 pa nagbanta ang healthcare wor-kers (HCWs) sa pribado at pampublikong ospital na magsasagawa sila ng mass resignation kapag hindi pa ibinigay ng pamahalaan ang ipinangakong benepisyo na kinabibilangan ng special risk allowance (SRA) ganundin ang kanilang food and transportation allowance.

Ngayon ay nararamdaman na ang banta ng HCWs sapagkat may mga nagsisipagbitiw na sa kanila. Ang patuloy na pagbingi-bingihan ng Department of Health (DOH) ang nagtutulak sa kanila para ituloy ang malawakang resignation.

At maaaring makadagdag pa ang nangyaring sigalot sa pagitan ni Presidential Spokes-person Harry Roque at mga doktor. Nagbitiw nang mga masasakit na salita si Roque na hindi nagustuhan ng ilang doktor. Humingi na ng paumanhin si Roque.

Ayon sa mga nagprotestang HCWs, umaabot sa P11 bilyon ang hindi nababayarang benepisyo at SRA ng HCWs. Sa 1.8 milyong HCWs, maliit na porsiyento pa lamang umano ang nabibigyan ng benepisyo at allowances. Ito ay sa kabila na ipinag-utos na ni President Duterte sa DOH at Department of Budget and Management (DBM) na ibigay na ang mga benepisyo at allowances ng HCWs. Ang patuloy umanong pagbibingi-bingihan ng DOH ay lalong nagpapagalit sa HCWs.

Noong Huwebes, 10 volunteer doctors sa Philippine General Hospital (PGH) ang nagbitiw sa tungkulin. Ayon kay Dr. Jonas del Rosario, tagapagsalita ng PGH, iginagalang nila ang desisyon ng mga doktor. Inamin ni Del Rosario na malaking kawalan sa PGH ang pagbibitiw ng mga ito. Ayon kay Del Rosario, hindi nila matiyak ang kadahilanan ng pagbibitiw pero maaaring masabi na napagod na ang mga doktor. Napakarami umano nilang trabaho. Marami na rin umanong doktor ang nagka-COVID. Isa rin sa dahilan nang pagbibitiw ay maaaring gusto nilang magtrabaho sa ibang ospital na mas malaki ang kita.

Hindi man kunektado ang pagbibitiw ng 10 doktor sa PGH sa kasalukuyang ipinaglalaban ng HCWs, hindi maikakaila na marami sa kanila ang pagod na pagod na. At lalo pang sumisiklab ang pagod at hirap kung ang kanilang hinihinging benepisyo ay ipinagkakait pa.

Pigilan ang kanilang pagbibitiw sa pamamagitan ng pagbuhos ng mga umaapaw na biyaya. Nararapat ito sapagkat bayani sila ng bagong panahon. Ipagkaloob na ang mga benepisyong ipinangako sa kanila.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

**EDITOR'S NOTE:**
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA M. BALAGTAS**
Publisher

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## PNP committed to enforce environmental laws

MANILA – The Philippine National Police (PNP) on Wednesday committed to continue protecting the country's vast and diversified environment.

PNP chief, Gen. Guillermo Eleazar, made this comment after Global Witness listed the Philippines as one of the deadliest countries for land and environmental defenders in the world in 2020.

Eleazar said the PNP would continue to strictly enforce environmental laws that will protect, not just the country's natural resources, but also individuals and groups who are in the frontline of preserving the environment.

"The PNP stands with our kababayan (compatriots) in pushing for the protection of our environment through the enforcement of related laws as part of our makakalikasan (eco-friendly) commitment," Eleazar said in a statement.

He cited an instance wherein the police immediately acted on the attack perpetrated against two forest rangers in Rizal province.

"In fact, we deployed our Special Action Force at the Masungi Georeserve in Rizal after two of its forest rangers were attacked two months ago and our SAF men are just waiting for the deputization order from the DENR," Eleazar said.

Eleazar said the PNP would continue its coordination with the Department of Environment and Natural Resources (DENR) and the Armed Forces of the Philippines (AFP), as part of manifesting support to the country's land and environment protectors.

The PNP, he added, is considering having talks with the DENR to discuss concrete plans in protecting forest rangers, such as providing training.

"The PNP will continuously coordinate with the DENR and the AFP for all forms of assistance that we could extend to empower our forest rangers in protecting our forests but in doing so, we also ask for the help of other kababayan and other stakeholders in achieving this goal," Eleazar said.

According to the 2021 report of the Global Witness, the Philippines ranked third in the world list with 29 recorded killings of "people defending their homes, land and livelihoods, and ecosystems", behind Colombia which was named the worst country with 65 deaths followed by Mexico with 30 killed land defenders last year.

Global Witness is non-governmental organization that focuses on holding companies and governments accountable for the destruction of the environment. (with reports from Priam Nepomuceno/PNA)

## AFP adapting to security challenges 2 decades after 9/11

MANILA – The Armed Forces of the Philippines (AFP) said it continues to adapt to the changing security landscape to protect the country from terror threats.

"Two decades since, we continue to adapt to the changing security landscape and as threats evolve, we must also evolve," AFP spokesperson Army Col. Ramon Zagala said in a statement on Saturday, in commemoration of the 20th anniversary of the Sept. 11, 2001 attacks in the United States that killed thousands of American civilians.

Zagala added that the incident "has forever changed the security environment, as well as strengthened international cooperation in fighting violent extremism and terrorism."

He added that the country's peacebuilding efforts also brought greater trust, respect, and optimism among Filipinos, and part of the AFP's contribution is to prevent a possible repeat of such an incident.

"We have adopted programs we have learned from our shared experiences that seek to build resilient communities and protect vulnerable sectors," Zagala said.

The September 11 attacks, commonly known as "9/11", were a series of four coordinated terrorist attacks by the militant Islamist terrorist group al-Qaeda against the US.

The most prominent attack was conducted against the Twin Towers of the World Trade Center in New York, which was struck by two hijacked airplanes in quick succession. (PNA)






## Why 'cedula' seems to be still in PH after 125 years

MANILA – While most of the present generation of Filipinos may be aware that the "cedula" or residence certificate was among the causes of the 1896 revolution against Spanish rule in the Philippines, some people could be wondering why such a certificate remains in use in the country today.

There is actually a very big difference between that 1896 "cedula" and the community tax certificate (CTC) being collected by local government units (LGUs) at present, or after 125 years.

According to the book "Philippine History and Government" by Dr. Gregorio F. Zaide and his daughter, Dr. Sonia M. Zaide, when Katipunan leader Andres Bonifacio tore up his Spanish-issued "cedula" (residence tax or tribute certificate) one day in August 1896, he shouted: "This is my answer to Spanish tyranny; let us fight for freedom."

The Zaides' book also said one of the earliest revolts against the tribute in the country started in Cagayan and the Ilocos in 1589. In that year, the people there revolted due to the abuses of tax collectors. They killed many Spaniards, but then Spanish Governor Santiago de Vera pacified the rebel patriots by pardoning some of them.

The present community tax is being imposed by the Philippine government through the LGUs by virtue of Article 6 of the 1991 Local Government Code (LGC) or Republic Act 7160. The 866-page LGC was authored by the late Senate President Aquilino Q. Pimentel Jr. and signed into law on Dec. 11, 1992 by then President Fidel V. Ramos.

According to Sections 156 and 157 of the LGC, cities or municipalities may levy a community tax as "residents have a financial obligation to specifically contribute to the development of their communities."

Pimentel noted that during the deliberations on the provisions of the LGC, there was serious discussion on the belief that "taxing the people for the right to live in their own country is an aberration of their constitutional right to live anywhere in the Republic. We proposed the abolition of the so-called cedula or residence tax."

"Allusion to the Katipuneros' cry of Pugad Lawin where they tore up their cedulas strengthens the call for the abolition of the cedula. Realizing, however, that it is also a sizable source of income for the government, upon suggestion of Senator Ernesto Maceda, we decided to change 'cedula' to community development tax," Pimentel said.

Section 157 of the LGC states: "Every inhabitant of the Philippines 18 years of age or over who has been regularly employed on a wage or salary basis for at least 30 consecutive working days during any calendar year, or who is engaged in business or occupation, or who owns real property with an aggregate assessed value of PHP1,000 or more, or who is required by law to file an income tax return shall pay an annual community tax of PHP5 and an annual additional tax of PHP1 for every PHP1,000.00 of income regardless of whether from business, exercise of profession or from property which in no case shall exceed PHP5,000."

In the case of husband and wife, the additional tax imposed shall be based upon the total value of the property they owned and the total gross receipts or earnings derived by them.

Section 158 has this provision for juridical persons liable to community tax: "Every corporation, no matter how created or organized, whether domestic or resident foreign, engaged in or doing business in the Philippines, shall pay an annual community tax of PHP500 and an annual additional tax which, in no case, shall exceed PHP10,000 in accordance with the following schedule:

(1) For every PHP5,000 worth of real property in the Philippines owned by it during the preceding year based on the valuation used for the payment of real property tax under existing laws, found in the assessment rolls of the city or municipality where the real property is located--PHP2; and,

(2) For every PHP5,000.00 of gross receipts or earnings derived by it from business in the Philippines during the preceding year--PHP2.00.

The Community Tax Certificate shall be paid in the place of residence of the individual, or in the place where the principal office of the juridical entity is located.

The proceeds of the CTC collection shall accrue to the general funds of the cities, municipalities and barangays except a portion thereof which shall go to the general fund of the national government to cover the actual cost of printing by the Bureau of Internal Revenue and distribution of the forms and other related expenses.

The city or municipal treasurer shall deputize the barangay treasurer to collect the community tax in their respective jurisdictions. The barangay treasurer shall be bonded in accordance with existing laws. (PNA)

Mang INASAL

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 29 SEPTEMBER 13 - 19, 2021 10.00

## LALAKI SA DASMARIÑAS, ARESTADO SA PANINILAB NG BAHAY

Isang lalaki ang inaresto sa Barangay Sta Lucia, Dasmariñas matapos na silaban ang isang bahay nitong Setyembre 11, 2021.

Sa ulat ng pulisya, nasa labas ng kaniyang tahanan ang biktima na na itatago sa pangalang "Lina", 21, upang gamutin ang alagang pusa nang bigla na lamang batuhin ng suspek ang kanilang bintana ng isang plastik na bote ng gas na nagdulot sa mabilis na pagliyab ng apoy.

Kinilala ng pulisya ang suspek bilang isang 31-taong gulang na lalaki na itatago sa alyas na "Jim".

Samantala, nakita ng isang menor-de-edad na witness ang pangyayari at agad na tumulong sa pag-apula ng apoy.

Namataan naman ni alyas "Mark", ikalawang witness, ang suspek sa ground floor habang mayroon itong hawak na isang galong gas. Nagkaroon ng pagtatalo ang dalawa matapos na malamang plano rin ng suspek na ibuhos sa bintana ng kalapit bahay ang naturang gas.

Ngunit dahil naaktuhan sa gagawin ay agad na tumakbo ang suspek at sumakay sa isang pampublikong sasakyan dala ang ebidensya.

Kaagad namang tumawag ng tulong sa barangay ang isa sa mga witness dahilan upang mahanap at maaresto ang suspek.

Bagaman naapula kaagad ang apoy, tinatayang nasa P30,000 ang estimated house damage sa naturang bahay.

## P1.5B HALAGA NG SHABU, NASAMSAM SA BUY-BUST OPS SA IMUS AT BACOOR

Nasamsam ng mga kawani ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ang 200 kilo ng hinihinalang shabu sa dalawang buy bust operation na isinagawa sa lungsod ng Bacoor at Imus, Huwebes ng gabi.

Ayon sa ulat ng ABS CBN News, sa mga naturang operasyon ay nasabat ang mga iligal na droga na tinatayang nasa P1.5 bilyon.

Dalawang lalaking may hinihinalang ugnayan sa isang Chinese drug syndicate ang napatay sa naganap na operasyon sa isang subdivision sa Molino III, Bacoor,

Ang target ng naturang operasyon na si Basher Bangon, 59, mula sa Lungsod ng Cagayan de Oro, ay kinilala bilang isang "top level drug personality" habang ang kanyang kasama ay pinangalanang si Danilo Untavar, 51.



Parehong napatay sa naging operasyon ang dalawang suspek.

Daan-daang mga Chinese-label pack naman ng hinihinalang shabu na tinatayang nasa 181 kilo o halos P1.23 bilyong halaga ang nasamsam sa lugar. Ayon kay PDEA Calabarzon director Juvenal Azurin, ang site ay ginamit upang magstock ng mga gamot mula sa Golden Triangle Syndicate.

Samantala, isang mag-asawa na may edad na 45 at 47 ang naaresto sa operasyon sa Bahayang Pag-Asa, Barangay Magdalo, Imus.

Kinumpiska ng mga awtoridad ang dose-dosenang katulad na naka-pack na shabu na nagkakahalaga ng higit sa P326 milyon.

Sinabi ng mga awtoridad na ang mga napatay sa operasyon at ang mga naaresto ay mula sa iisang grupo.

Gayunman, itinanggi ng lalaking suspek ang mga paratang at sinabi na tinanggap lamang siya upang magmaneho ng sasakyan. Pinapayagan rin umano siyang umuwi at hindi niya alam na may iligal na droga sa loob ng mga kahon.

BAYAN NG CARMONA CAVITE

WEEKLY REPORT on the Activities & Programs of Carmona

## PINAKABAGONG BERSYON NG D-VAS, ILULUNSAD NG DICT SA CARMONA


Nakatakdang ilunsad ng DICT ang pinakabagong bersyon ng sistema ng pangangasiwa sa pagbabakuna o DICT Vaccine Administration System (D-VAS) sa Carmona, Cavite.

Ayon sa naging ulat ng CNN, inaasahang matutulungan ng sistemang ito na paikliin ang oras ng paghihintay sa mga lugar ng pagbabakuna at streamline ang proseso ng pag-uulat at pagsasama ng data mula sa Local Government Units (LGUs).

Sinabi ni DICT Usec Emmanuel Rey Caintic na sa bagong bersyon ng D-Vas ay mas mapapabilis ang master listing at pre-registration na kalaunan ay inaasahang magbibigay ng tulong sa ibang mga bayan.

Nang tanungin kung bakit Carmona at hindi lungsod sa NCR ang naging inisyal na launch spot ng bagong bersyon ng D-Vas, ipinaliwanag ni Caintic na dahil nasa gitna ng “massive vaccination” ang mga lugar doon ay hindi nila nais na makaabala sa operasyon ng mga ito.

Ngunit idinagdag niya na kapag natapos sa Carmona ay babalik sila sa NCR upang i-update ang mga bersyon na kasalukuyang ginagamit na sa marami sa mga lugar doon.




## OXYGEN TANKS AND REGULATORS, IPINAMAHAGI SA GENTRI

TINGNAN: Sinimulan ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang pamahahagi ng oxygen tanks at regulators bilang bahagi ng kanilang COVID-19 response.

Sa ngayon ay nasa 57 Homeowners Association (HOA) na ang nakatanggap ng mga naturang kagamitan, na inaasahang makatutulong sa mga residente na nangangailangan ng oxygen supplementation.

